Ang Pondo ng Katarungan para sa Kalikasan 2020

Isang Programa ng Lungsod ng Seattle. Pangangasiwaan ng The Bullit Foundation

Ang Environmental Justice Fund (Pondo ng Katarungan para sa Kalikasan) ay tumatanggap na ng aplikasyon at ang tinakdang deadline ay ngayong Biyernes, sa ika-25 ng Setyembre! Mayroon $500,000 na pondo na makukuha mula sa Lungsod ng Seattle at hanggang $60,000 bawat panukala. Ang pondong ito ay sumusuporta sa mga pagsisikap na pamumunuan at pakikinabangan ng mga taong pinaka-apektado ng mga isyu sa kapaligiran at klima: Mga Itim, Katutubo, mga tao ng ibang lahi, imigrante, refugee, mga taong mababa ang kita, mga bata at matatanda na naninirahan, natututo, nagtratrabaho, naglalaro at sumasamba sa Lungsod ng Seattle.

Alam ng Office of Sustainability and Environment (OSE) na ang COVID-19 ay nakakaapekto sa ating pamayanan sa mga paraan na nagsisimula palang natin maintindihan. Dahil dito, hinahangad nating pondohan ang mga proyektong tumutugon sa mga epekto ng COVID-19 na konektado sa kalusugan ng komunidad at paligid. Ang OSE ay magho-host ng dalawang sesyon na virtual sa Setyembre 10 at 14 upang magbahagi ng impormasyon tungkol sa pondo, mga katangian ng isang malakas na aplikasyon, pagsusuri sa proseso, at oportunidad na sagutin ang inyong mga tanong. Tingnan ang website upang magparehistro at makalaman ng addisyonal na impormasyon. Kung mayroon kayong mga tanong, mag-email sa equityeniro@seattle.gov o tumawag sa (206) 615-0817.